

# KUNG BAKIT KAILANGAN NG IYONG ANAK NG BAKUNA SA COVID-19



American Academy  
of Pediatrics



DEDICATED TO THE HEALTH OF ALL CHILDREN®

May kanya-kanyang dahilan ang bawat magulang/tagapag-alaga para pabakunahan ang kanilang mga anak. Ang pagbabakuna ay ang pinakamahusay na bagay na maaari mong gawin upang:

- Protektahan ang iyong anak mula sa mga panganib ng COVID.
- Pahintulutan ang iyong anak na lumahok nang ligtas sa mga aktibidad na kinagigiliwan niya.

## **Maaaring maging mapanganib ang COVID para sa mga bata.**

Maraming batang nahawahan ng COVID sa Estados Unidos ang naospital at libu-libo ang namatay.

Walang simpleng paraan para malaman kung paano maaapektuhan ng COVID ang iyong anak. Kahit na ang iyong anak ay ganap na malusog, maaari pa rin siyang magkasakit nang malubha mula sa COVID. Maraming batang naospital dahil sa COVID ang walang ibang problema sa kalusugan.

## **Ang mga bakuna sa COVID ay ligtas para sa mga bata.**

Lubusang nasubok ang mga bakuna sa COVID para sa mga bata, kung saan libu-libong bata ang lumahok sa mga klinikal na pagsubok. Sa mga nabakunahan, naipakitang ligtas ito.

Milyun-milyong bata sa Estados Unidos ang nagpabakuna na laban sa COVID.

## **Gumagana ang mga bakuna sa COVID para sa mga bata.**

Ipinapakita ng ebidensya sa tunay na buhay na napakabisa ng mga bakuna sa COVID para sa mga bata para mapigilan ang:

- Malubhang pagkakasakit
- Pagka-ospital
- Pagkamatay

## **Paano makipag-usap sa iyong teenager na anak tungkol sa pagpapabakuna**

Normal para sa mga bata, lalo na sa mga teenager, na magkaroon ng mga tanong at alalahanin tungkol sa pagpapabakuna. Narito ang ilang mungkahi para sa pakikipag-usap sa iyong mga anak, lalo na kung natatakot silang magpabakuna o ayaw nila o sa palagay nila ay hindi nila ito kailangan gawin:

- **Gawing default na pagpipilian ang pagpapabakuna.**

Sa halip na tanungin ang iyong anak kung

gusto niyang magpabakuna, ipagpalagay na oo ang sagot niya. Subukang sabihing, “Tara, magpabakuna tayo.” Kung nag-aalangan pa rin siya, isaalang-alang ang iba pang mungkahi sa ibaba.

- **Ituon ang iyong pag-uusap tungkol sa kaligtasan.**

Ipaliwanag kung bakit mapanganib ang COVID at kung paano nag-aalok ng pinakamahusay na proteksyon ang pagbabakuna laban sa mga panganib ng COVID.

- **Makinig at tumugon nang may empatiya.**

Huwag ipagwalang-bahala ang mga alalahanin at damdamin ng iyong anak sa pamamagitan ng, halimbawa, pagtawag sa kanya na “tanga.” Sa halip, tumugon ng, “Naiintindihan ko kung bakit ganyan ang nararamdaman mo o iniisip mo.” Pagkatapos, mag-alok ng impormasyong nakabatay sa katotohanan.

- **Tulongan ang iyong anak na mahanap ang sarili niyang dahilan para magpabakuna.**

Maaaring maging nakakaganyak ang pagtalakay sa mga dahilan, ito man ay para protektahan ang sarili niya o para makihalubilo sa mga kaibigan nang hindi gaanong nanganganib na magkasakit ang sinuman.



American Academy  
of Pediatrics



DEDICATED TO THE HEALTH OF ALL CHILDREN®

## Gawing hindi gaanong nakakabahala at masakit ang mga bakuna sa mga bata

BAGO

- Maging tapat sa iyong anak: Maaaring maging makiroto o masakit ang mga bakuna, pero hindi ito sumasakit nang matagal.
- Tulungan ang iyong anak na makitang mabuting bagay ang mga bakuna. Sabihin sa kanya na tumutulong ang mga bakuna para maging ligtas siya mula sa mga mikrobyo na maaaring makapagdulot sa kanya ng sakit.
- Huwag magkuwento sa iyong anak tungkol sa mga nakakatakot na mga bagay o magbanta tungkol sa mga bakuna.

HABANG



- Magdala ng paboritong laruan o kumot na mayayakap ng iyong anak.
- Hawakan ang iyong anak sa isang komportableng posisyon, tulad ng sa iyong kandungan.
- Kunin ang atensyon ng iyong anak, sa pamamagitan ng kuwento, video, o pag-uusap.
- Tanungin ang tagapagbigay ng bakuna kung mayroon muna siyang ilalagay na pampamanhid na ointment o spray.

PAGKATAPOS




- Yakapin at purihin ang iyong anak.
- Ipaalala sa iyong anak kung bakit mabuti ang mga bakuna. Sabihin na gumagawa na ang kanyang katawan ng panlaban sa mikrobyo para mapanatili siyang ligtas at malusog.
- Pag-isipang bigyan ng gantimpala ang iyong anak, gaya ng isang masaya't malusog na aktibidad o sticker.

**Lahat ng nasa edad na 6 na buwan at mas matanda ay dapat mabakunahan.**

Para makahanap ng mga bakuna sa COVID para sa iyong anak:

- Pumunta sa [vaccines.gov](https://www.vaccines.gov)
- I-text ang inyong ZIP code sa 438829
- Tumawag sa 1-800-232-0233
- I-scan ang QR code



Para sa karagdagang impormasyon, kausapin ang pediatrician ng iyong anak o ang iyong family physician. Maaari mo ring bisitahin ang [cdc.gov/coronavirus](https://www.cdc.gov/coronavirus).